At bago nga po umalis si Chargé d'Affaires John Law nangako po siya na dadagdagan. At ito na nga po na nagdagdag po sila ng additional Pfizer na more or less 4.5 million para maging --- mabuo po `yung 10 million. So nagpapasalamat din po kami sa WHO sa kanilang masusing pag-ano po, pagfa-follow up sa ating mga donors.

And then kami po, nag-usap po kami ni Ambassador Romualdez dahil noong nagkaroon din po noong nagbisita po sila Secretary Lorenzana at saka Secretary Locsin ay kinausap din po nila `yung ano, `yung USAID at `yung pinakapinuno po ng USAID ay classmate niya pala `yung ano ng Moderna. So nangako ang Moderna po na nagkaroon po sila ng slippage na 1.8 million last month, ay pupunuan po ng 5 million po ang ide-deliver this ano, this month. So magsisimula po sila bukas at saka sa Sunday baka magkaroon po tayo ng mga deliveries from Moderna.

And then magandang balita rin po ay magkakaroon po tayo ng --- baka ma-breach na po natin `yung 40 million na administered this ano, this week. Baka kung lalabas po ang result bukas po ng ating vaccination ay maka-40 million na po tayong naa-administer na vaccine. Malaki pong ano po `yun na 40 million na po tayo. And then ang isa pang magandang balita po, Mr. President, assured po tayo na more than 30 million po ang darating na bakuna this September. Ipakikita ko po sa inyo ang mga deliveries.

[Next slide, please.]

Sir, ito po `yung total vaccines na nag-arrive na po sa atin. Unang-una po `yung 57.5 million na po ang total vaccines that arrived, kasama na po `yung dumating po ngayon na Pfizer ngayong gabi.

And then naka 39 million na po tayo, 39.5 million na po total vaccines administered. At 22 million na po ang nakatanggap po ng first dose and 17.3 million ang second dose, fully vaccinated. Kung titingnan po natin ito po ay nagre-represent ng 22.5 percent ng 70 percent ng total eligible populations or 15.7 percent ng total population po natin.

So mayroon pa po tayong hinihintay na kabuuan na more or less hundred ano po, 130.6 million na vaccines na darating pa po ngayong --- ngayong ano, ngayong taon.

Sir, nagkaroon po kami ng parang dialogue with the Philippine Medical Association at saka Philippine College of Surgeon, at saka `yung ating mga volunteers na sa mga regional. At nandito po si ano si Sir Benny Atienza, ito po sa --- si Sir Gap Legaspi sa PGH at ang --- si Anna Ong-Lim. Ito po `yung mga ano natin, mga kasama po natin, mga more than 100 na ano po, na mga professionals na mga doctors. Kasi, Mr. President, nakita po natin na `yung mga doktor po natin almost matagal na po nakaano, nakababad sa COVID-19 different waves.

And `yung sinasabi niyo po sa akin na tingnan ang kalagayan ng ating mga doktor at ako po ay pinautusan rin po ni Secretary Duque dahil kasi medyo busy nga po tayo sa Senate hearing ay gina --- minarapat po natin na kahit na Sunday kausapin po natin sila at tingnan `yung kalagayan ng ating mga doktor.

At ako po'y natutuwa, Mr. President, I was inspired that they are committed even though they are tired and talagang mararamdaman mo, sir, `yung hirap nila, nakita niyo `yung mga mata maiitim dahil puyat at saka stress. Nakita po natin iyong ating mga Filipino doctors talagang very dedicated po, Mr. President. At sabi po nila, ipinapaabot po nila sa inyo na hindi po sila bibitiw sa atin. Talagang --- talagang tutulongan po talaga ang ating IATF na talagang...

Iyong PMA may mga regional ano sila, tutulong po sila sa atin, magvolunteer po sila para kung ano po `yung maitutulong nila sa mga nao-overwhelm na mga ospital ay tutulong po sila. Sa ngayon po, tumutulong po sila sa Butuan dahil marami pong namatay doon, sa Cagayan tumutulong din po sila, sa Batangas, at saka po doon sa Pangasinan, sa lugar po ni Secretary Duque. So lahat po ng mga volunteers nagtutulong-tulong sila para at least mapagtulungan po nila `yung mga tinatawag natin na mga napakatataas po ng waiting doon po sa ER.

So ito po 'yung ano, 'yung isang mga --- pinakaimportanteng ano po na talagang gusto nilang ma-resolve. Kanina po tinawagan ko po si Sir Idol Dante Gierran at sinabi ko po sa kanya 'yung lahat ng ospital na referral COVID natin, 'yun ang unahin na ma-reimburse. Iyon po 'yung ano, 'yung Philippine General Hospital, NKTI, East Avenue, 'yung Tala, at saka po 'yung ano at saka po 'yung --- ito pong Lung Center. At naging affirmative naman po 'yung sagot niya na talagang titingnan niya ito 'yung limang ospital na ito kasi marami pong mga reimbursable po na sa PhilHealth. Kasi ang sinabi po ng mga director, once na nabigyan sila ng ano, they can ano, they can buy a lot of medicines and also supplies, and also they can give additional benefits to the ano, to the healthcare workers.

And then, ito po talaga, ito ang problema po natin, ito po talaga kahit na kay Senator Bong Go, marami pong humihingi talaga ng Tocilizumab. Actually po nag-prepare po tayo, kinausap po namin 'yung ambassador ng ano, ambassador ng --- ng Switzerland noong last two months ago.

Ang kahirapan pala sir nito sir, 'yung Roche, 'yung gumagawa nito, ang dami pong --- iisa lang ang gumagawa pero mayroon na lang silang allocated na mga supply. For example sa atin, 5,000 lang ang allocation before, dinouble (double) po nila na 10,000 every month. At 'yun po, pagka kunwari po naka-allocate na po 'yun, at ang mahirap po dito 'yung 10 --- 'yung kunwari 10,000 or 15,000 na Tocilizumab, may naka-allocate na po kaagad. Kaya tumatawag --- tinatawagan ko rin 'yung Zuellig at saka ano kung paano makakapag-produce, talagang wala po tayong makukuha kasi it is a global ano, sir, global supply ano sir natin.

Kaya 'yung mga iba sinasabi nga bakit hindi tayo nakapag-prepare? Wala tayo talagang magawa, sir. Actually, kinausap na namin sir 'yung buong Roche at saka 'yung Swiss ambassador, wala talagang ano, medyo nahihirapan po tayo sa production.

So ito po ang medyo critical dahil kasi very ano po tayo sa Tocilizumab, talagang wala na po tayo at ang ano lang po natin ay 'yung tinatawag nilang monoclonal medicine na puwedeng pang-alternate po sa Toci. Pero ano po, kung puwede nating makausap din po 'yung Swiss ambassador para maano po natin, para makapag-ano po tayo ng at least magkaroon tayo ng priority, considering tayo ang pinakamalakas na surge dito sa ano sa Southeast Asia.

Sir, ito po talaga sir 'yung ano, 'yung perennial ano po sir natin, Mr. President, kailangan po talaga nating ma-solve ito dahil kasi ito po ang talagang lahat ng ospital talagang ina --- kanila pong ano, kanila pong

dinadaing ay talagang kulang po sila ng doktor, nurses and other related healthcare workers.

PRESIDENT DUTERTE: Mag-recruit tayo ng ano. Marami niyan 'yung --- because the pay is good actually. Kaya baka we can convince more people to join us in this fight because I think the --- the lure of a good salary is there, medyo mataas na ngayon.

Iyong the starting for just an ordinary soldier is something like 30? Oh, 32. Kaya nga marami 'yung mga nurses lumipat eh. And we will see what we can do. We will try to look for the money to have more recruits joining this fight against COVID.

SEC. GALVEZ: Sir, 'yung next na ano sir nila sir 'yung ensuring 'yung enough oxygen cylinders kasi 'yun palang ano sir 'yun pa lang marami kunwari --- for example, 'yung pagka naghalo pala sir 'yung high-flow cannula at saka po 'yung ventilators, 'yung high-flow cannula is 'yung isang cylinder po sir one hour lang po nila nagagamit. So kailangan palit-palit po ang mga cylinders ng ano ng oxygen. I believe ang kailangang-kailangan po 'yung sa Lung Center kasi more than 41 po 'yung ventilators nila na nagagamit at saka sa East Avenue.

Kaya po humingi po ako ng tulong kay Senator Bong Go para magkaroon na po ng tinatawag nating ano, 'yung expedite approval of the establishment of the oxygen production plant in major hospitals. Kasi po pagka katulad nung sa SPMC, ang pagkakaalam ko po mayroon po siyang ano eh, 'yung tinatawag nating 'yung oxygen production plant. Kasi pagka naghalo daw po 'yung ano maraming pong pasyente gumamit 'yung high-flow cannula at saka po 'yung ventilator, pagka po nagkasabay-sabay po 'yan, 'yung kumbaga sa ano po 'yung pressure po humihina. So kailangan po talaga mayroon siyang self-sustaining na ano oxygen plant ang isang hospital para makaano po siya. At saka kung just in case na talagang magkaroon po ng tinatawag nating maraming ano po marami pong mga pasyente, 'yun po napakaano po, pagka nagkaroon po ng tinatawag nating disruption sa oxygen, malaki po ang probability na mamatay 'yung tao.

And then 'yung magandang recommendation po nila, which I will recommend this to the IATF, 'yung tinatawag na implementation of quadrant/sectoring concept of referral hospital. Kasi mayroon po tayo sa ano po, sa ating contingency plan sa ating earthquake, mayroon po tayong quadrant sa Metro Manila, mayroon po tayong quadrant ng ano po, ng tinatawag nating north --- northwest, northeast, southwest, southeast.

Iyon po ginawa po natin 'yan ni Secretary Duque na 'yung ating mga referral hospital nasa quadrant po na 'yun. Ngayon, ire-revisit po namin kasi para mas maganda magtulungan po 'yung mga cities na nandoon sa quadrants para po 'yung ano 'yung katulad ng kunwari, for example 'yung PGH, panay COVID ang kukunin niya, katulad din po ng Tala hospital, panay COVID lang ang kukunin niya, and then 'yung the other non-COVID will be taken care by the ano, by the other hospitals. So para so ang mangyayari po made-decongest po 'yung ating One Hospital Command. Para ang ano po natin, bibiyakin po natin sa apat na grupo 'yung One Hospital Command.

So 'yun lang po, Mr. President, at sir inuulit ko po 'yung ating mga healthcare workers, talagang nakita natin 'yung tibay ng loob nila and we are recommending na talagang in the near future, we will recognize them as our heroes kasi nakita po natin, Mr. President, talagang they are holding on even though despite na talagang nakita natin na overwhelmed na po 'yung mga hospital.

PRESIDENT DUTERTE: I'm happy to hear it. Secretary Año?

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go; fellow public servants and workers in the government.

[Please, next slide.]

Sisimulan ko po ang aking report ngayong gabi sa pagbabahagi sa inyo ng updates ng ayuda sa National Capital Region, sa Laguna, at sa Bataan. Tapos na po ang pamamahagi ng ayuda sa National Capital Region. Ang kabuuang halagang naipamahagi ay umabot na sa P11.22 billion kung saan mahigit 11 milyong benepisyaryo ng NCR ang nakatanggap na ng ayuda mula sa pamahalaan.

[Next slide, please.]

Narito naman ang breakdown kung saan mapapansin natin na may natitirang 29.4 milyong piso sa alokasyon ng Makati City na hindi pa naipamimigay. Ayon sa lokal na pamahalaan ng Makati, nabigyan na ng LGU ang lahat ng benepisyaryong nakatala sa kanilang inisyal na listahan pati na ang mga kwalipikadong indibidwal na nagsumite ng kanilang aplikasyon sa Grievance and Appeals Committee. At dahil wala ng karagdagang claimants ay ibabalik nila ang natitirang halaga sa Bureau of Treasury.

So dito po nakita natin ay 100 percent accomplished na po tayo. Naipamigay na po natin ang P11.22 billion sa lahat ng benepisyaryo ng National Capital Region.

[Next slide.]

Sa probinsiya naman po ng Laguna, nasa 87.02 percent ang pamamahagi ng ayuda sa 2.362 million Laguna residents na siyang nakatanggap ng tulong pinansyal mula sa pamahalaan na may kabuuang halagang P2.362 billion.

[Next slide.]

Ito po ang distribution sa probinsiya ng Laguna. Out of 30 municipalities, 19 na po ang nakapag-distribute ng 100 percent accomplishment.

[Next.]

Sa probinsiya naman po ng Bataan, 431,054,000 beneficiaries na ng probinsiya ng Bataan ang nakatanggap ng financial assistance. Sa kabuuan ay nasa 61.73 percent o P431.05 million ang kabuuang alokasyon mula sa P698 million ang naipamahagi sa lahat ng LGUs ng Bataan.

[Next slide.]

Sir, ito po ang distribution ng ating ayuda sa iba't ibang municipalities ng ating probinsiya ng Bataan.

[Next slide.]

Ito naman po, Mr. President, isa-summarize ko lang po ang mga naganap sa loob ng 10 araw. Karamihan po dito ay inyong ini-report, 'yung mga malalaking operasyon na kung saan ay nakakuha tayo ng halos daang-daang kilo ng shabu.

So sa loob po ng 10 araw ay mayroong 18 na nag-surrender. At nakapag-conduct po ang PNP, PDEA, AFP at NICA ng 1,119 operations kung saan 1,659 persons ang naaresto at ikinasawi ng siyam na tao during police operations.

Dito po makikita, Mr. President, na 818 kilograms ng shabu; 13.22 kilograms ng marijuana. Sa loob po ng 10 araw ay P5.58 billion ang na-

recover na halaga ng shabu ang na-recover ng ating mga law enforcement units. Pinakamalaking score po 'to sa isang maliit na period ng 10 araw.

Tutulong din po kami, Mr. President, sa pag-recruit ng mga nurses. Uutusan po natin ang PNP, Bureau of Fire Protection, at BJMP na magbigay ng allocation sa quota ng mga nurses simula po ngayong taon na ito.

[Next slide, please.]

Ang atin pong nalalapit na pilot testing para sa bagong alert levels system sa NCR ay magsisimula na po bukas, September 16, at masasabi po natin na handa na ang DILG, ang LGUs ng National Capital Region, ang Philippine National Police sa implementasyon.

Malinaw na po at pulido na rin ang ating mga guidelines sa ngayon at natapos na rin ang mga coordination sa iba't ibang ahensyang katulong natin sa pagpapatupad nito.

Ang National Capital Region po ay isasailalim sa Alert Level No. 4 na kung saan din po ang mga critical zones or areas ay ilalagay sa granular lockdown. At atin pong pinapaalalahanan ang ating mga kababayan na dapat ay susunod tayo sa minimum public health standard sa lahat ng oras. Iyan lamang po, Mr. President.

Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. May we hear first from si ano, si Food and Drug, Atty. Domingo? You have something to say? Wala na?

FDA DIRECTOR GENERAL ROLANDO ENRIQUE DOMINGO: Yes, sir, opo. Good evening po, Mr. President; kay Senator Bong; at saka sa lahat po ng mga Cabinet members.

Ito po, bigyan ko lang po kayo ng kaunting update sa mga bakuna natin at saka 'yung mga nakikita po natin na epekto niyan 'no sa ating population.

Nabanggit niyo po, Mr. President, kanina na kahit sa mga bata nagkakaroon na po ng COVID. So 'pag po dumating 'yung panahon na enough na po ang supply natin --- *[Next slide, please.]* --- at saka po mayroon na po tayong regular supply at magbabakuna na po tayo ng mga

bata, mayroon naman po tayong mga option na bakunang maaaring gamitin.

Iyong --- *[Next slide]* --- unang-una po, sir, 'yung Pfizer na vaccine nabigyan na po 'yan natin ng EUA for use sa mga bata na 12 years old to 17 years old. So ito po 'yung first option natin. Na-check na po ng ating mga experts at 'yun pong data nila to show safety at efficacy po sa mga bata, 12 to 17 ay nakita naman 'no. Mayroon lang pong mga very rare na instances of myocarditis or parang inflammation ng puso na madali naman pong gamutin at very rare nangyayari.

[Next slide.]

Doon sa next slide po natin, makikita 'yung second option po natin, Mr. President, 'yun pong Moderna na vaccine, another mRNA vaccine. Iyan po 'yung second na bakuna na tiningnan ng ating mga vaccine experts at binigyan na po natin 'yan ng EUA for 12 years old to 17 years old. So ito po 'yung unang dalawang bakuna natin na maaaring gamitin sa mga bata.

Doon naman po sa ating mga other vaccines, 'yun pong Sinopharm mayroon na po 'yang dalawang EUA ngayon 'no. Dalawa po kasi ang factory niya sa Wuhan, mayroon pong isang private na company na kumuha po ng EUA niyan. Tapos doon naman po sa Beijing, na-grant na rin po namin ng EUA ang Department of Health. So ang Department of Health can also act as the ano procurer po 'no ng vaccine kung bibili po tayong Sinopharm from the Beijing plant. Puwede po silang direktso na government-to-government po ang procurement with the DOH as the importer.

[Next slide, please.]

At ito po huli na atin pong bagong in-approve, Mr. President, ay 'yung EUA po nung Sputnik Light. Iyong Sputnik Light po ay single dose na bakuna, para po siyang 'yung Janssen. So kapag po ang tao ay naturukan ng isang bakuna, fully vaccinated na po ang bilang natin sa kanya.

So ito po ay maaari pong gamitin natin kapag binili po halimbawa nila Secretary Charlie itong Sputnik Light sa mga lugar na mahihirap abutin, 'yun pong mahirap magbigay ng dalawang doses at 'yun pong cold chain natin ay two degrees to eight degrees, ito po 'yung mga ano 'no mga populasyon na maaari pong gamitan ng bakuna na 'to. Medyo madali po 'yung kanyang logistics at 'yun nga po at single dose lamang po siya.

So 'yun po ang ating makikita dito sa atin pong real world data sa Pilipinas that definitely po the benefit of vaccination outweighs the risk and that the vaccines are really an effective and critical tool to control the pandemic.

Kahit po makikita natin sa data po natin sa NCR kung saan napakarami na po nating nabakunahan, more than 50 percent, ang mortality rate po ng COVID ay mas mababa po ngayon na ang dami-daming kaso kaysa po noong early part of the year 'no na kaunti pa po ang nabakunahan. Kaya it is important to complete the recommended doses. Talaga pong bumababa po after the first dose ang incidence of COVID. Pero after the second dose, talaga pong malaki pa po ang binabagsak ng incidence nito.

Breakthrough infections can still occur. Wala pong 100 percent na efficacy na vaccine. But it ano po, it happens in a very small percentage of fully vaccinated individuals and most of them would get mild disease. Very rare na po 'yung severe COVID kapag po fully vaccinated.

Eh kaya po talagang importante lamang --- at katulad po nang sinabi niyo kanina, kahit po vaccinated na tayo, observe health protocols. And 'yun nga po, nananawagan kami sa ating mga vaccinators, sa healthcare workers natin, at saka vaccine recipients, na 'pag may maramdaman po sila sa bakuna, i-report po nila sa amin sa FDA para po matuloy natin ang monitoring and it will help us make decisions in the future.

Iyan lang po, Mr. President. Maraming salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Atty. Domingo. Now let us hear from the MMDA.

MMDA CHAIRMAN BENJAMIN "BENHUR" ABALOS JR.: Thank you, Mr. President. Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea; sa lahat po ng mga Cabinet members.

Gusto ko lang pong sabihin, Mr. President, na bago po tayo mag-Talk to the People ngayon, kaninang 6 o'clock po ay nakipagpulong po ako sa lahat ng mga mayors ng Metro Manila, at gusto ko pong sabihin sa inyo na handang-handa na po sila.

Kasama po namin sa pagpupulong kanina ang kapulisyahan, si General Dickson at si General Danao nang sa ganoon ay bukas po talagang hihigpitan namin sa Metro Manila. Talagang huhulihin po namin 'yung mga talagang hindi ho sumusunod 'no sa mga protocols.

At si Usec. Densing po ng DILG kasama rin namin, klinaro ang mga mayors sa ibang provision ng mga bagong alert level; and, of course, si Usec. Tomas po ng DSWD to make sure po itong tinatawag nating mga lockdowns na may mga binibigay pong mga grocery ay inayos din po namin para maghahatian po ng resource sharing.

At gusto ko rin pong pasabi, Mr. President, na nagpasa po ng resolusyon na ang curfew ay ia-adjust namin. From 8 o'clock, gagawin na pong 10 o'clock, 10 to 4 a.m. At habang pong may pilot 'no ay kami po ay tuloy-tuloy pa ring magpapabakuna dahil sa ngayon po ang nabakunado sa Metro Manila ay 61.85 percent. In one month, posibleng maging 80 percent na po ang dalawang dose na may bakuna sa Metro Manila. And by December 13, the rate we are going, pinakamaliit po ay 88 percent or 88.62 percent ng Metro Manilans ay dalawa na po ang bakuna.

Iyon lang po, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Chairman. Let me see the faces of the 'yung panel. Well, I'd like to call Secretary Lorenzana.

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Magandang gabi, Mr. President; Senator Bong Go; mga kapwa kong lingkod-bayan; at mga kababayan.

Narito ang mga nagawa --- [*Can I have my slide, please?*] --- narito ang mga nagawa ng response cluster sa ika-pitong linggo nang pagpapatupad sa ating Crisis Action Plan Against COVID-19.

[*Slide two.*]

Ito po ang status ng mga returning Filipinos. Mayroon pong dumating na [*garbled*] milyon na mga tao, 1.4 million total, isang milyong mga overseas at saka [*garbled*] overseas... [*broadcast interrupted*]

[*Next slide.*]

Ituloy ko lang po itong aking ulat. Ang communities sub-cluster ay magsisimulang ipatupad ang bagong guidelines sa pagsasailalim sa NCR at NCR Plus sa alert levels simula bukas, ika-16 ng Setyembre. Ito po 'yung naiulat kanina ni Secretary Año.

Nagpatupad ng granular lockdown simula ika-8 ng Setyembre sa ilang lugar sa NCR, Central Luzon, CALABARZON, at MIMAROPA. Natitiyak na

sapat na bilang ng contact tracers sa buong bansa na umabot na sa 128,845 katao.

Weather outlook po, ito po 'yung outlook natin ng weather sa mga susunod na araw. Wala na po tayong inaasahang bagyo sa mga darating na panahon. Nakalipas na po 'yung si Kiko, 'yun na po ang huli nating nakita ngayon.

[Next slide. Next slide.]

Ah 'yan po, Mr. President, ang huli ko pong ulat. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Lorenzana. Secretary Panelo?

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Gusto ko lang pong magbigay ng pagsusuri at magbigay ng aking analysis doon po sa nagaganap na kontrobersya na napaloob po doon sa inyong pahayag kung saan ay sinabihan niyo po si Secretary Duque, and for that matter any member of the Cabinet, na bago pumunta sa hearing sa Senado ngayon, 'pag sila'y nakatanggap ng subpoena, eh kailangan munang pumunta sa inyo at kunin ang inyong pahintulot.

PRESIDENT DUTERTE: Correct.

SEC. PANELO: At ang mga kritiko ay nagsimula na naman pong punahin at pulaan ang inyong direktiba. At sina-cite po nila ang isang kaso, 'yun pong Senate v. Ermita G.R No. 169777. Ito po ay dinesisyunan ng Korte Suprema noong Abril 20, 2006. At ang atin pong ponente rito ay 'yung kaibigan nating si Justice Conchita Carpio-Morales.

Iyon pong mga kritiko sinasabi nila na 'yung direktiba ninyo na humingi muna ng pahintulot sa inyo ang isang Cabinet member bago um-attend ng Senate hearing diyan sa Blue Ribbon, eh hindi sang-ayon doon sa desisyon ng Senate v. Ermita.

Ang nakikita po natin, mukhang 'yung mga kritiko kasama na po 'yung mga ibang senadores diyan na binasa 'yung Senate v. Ermita, mukhang hindi po nila fully appreciated kung hindi nila naunawaan 'yung sinasabi ng Korte Suprema sapagkat ang paksain po doon ay 'yung Executive Order No. 464 na in-issue po ito ni Presidente Arroyo kaugnay naman po ito doon sa pagbabawal niya ng sinumang Cabinet member o mga military officers na um-attend sa isang congressional hearing ng walang pahintulot sa kanya.

Kaya nagpunta po sila sa Korte Suprema at kinukuwestiyon nila 'yung Executive Order 464. Parang pinalalabas po ng mga kritiko pati na 'yung mga senador na 'yung Executive Order 464 ay in-invalidate ng Korte Suprema. Subalit hindi po totoo 'yun sapagkat mayroong in-invalidate at mayroong in-uphold. At ang in-uphold nga po doon 'yung karapatan ng Presidente na huwag pahintulutan ang isang Cabinet member na um-attend. Sapagkat alam po ninyo, para sa impormasyon ng mga nakikinig po sa atin, mayroon pong provision sa Saligang Batas particularly Article 6, Section 21 and Section 22. Kasi parang pinalalabas po nila kayo ay nakikialam at bakit daw pinagbabawalan ninyo ang imbestigasyon at ayaw niyong payagan ang mga miyembro ng Gabinete na na-subpoena na um-attend.

So in effect, sinasabi nila na wala kayong karapatan na pigilan. Eh unang-una, hindi naman niyo pinipigilan. Sinasabi niyo nga eh 'di ituloy niyo ang imbestigasyon. Kung mayroon kayong ebidensya, maghain na kayo.

Ang ayaw niyo nga sinasabi niyo, maliwanag na maliwanag naman sinasabi niyo, ang kinukuwestiyon niyo eh 'yung pamamaraan ng pagpapatupad nila ng isang inquiry o imbestigasyon kung saan, unang-una, gaya na nga ng sinabi niyo, binubusalsalan ninyo 'yung bibig ng mga tinatawag niyong testigo diyan at hindi niyo pinapatapos ang kanilang mga pahayag. Kung saan kayo na ang nagtatanong, kayo pa ang sumasagot at hindi niyo pinapatapos at nagbibigay na kayo ng konklusyon.

Pangalawa, sabi niyo nga po, tatawagin niyo 'yung mga Cabinet members pero nakatengga lang sila doon, natanong na naman sila, araw-araw may hearing hindi naman sila natatanong, at nasasayang lang ang panahon nila doon sa hearing at hindi nila magampanan ang kanilang mga trabaho.

Balikan po natin 'yung kung bakit nagkakaroon ng Senate investigation? Kagaya ng sinabi ko, mayroong Section 21 at Section 22 Article 6 of the Constitution. Iyon pong Section 21, may kapangyarihan ang Kongreso na tumawag ng imbestigasyon o inquiry in aid of legislation.

So sabi ng Korte Suprema talagang mayroon silang karapatan. Pero iyon pong nangyayari ngayon, kung titingnan natin, gaya nga nang nabanggit niyo, mukha namang hindi in aid of legislation 'yan. Sapagkat unang-una, ano bang panukalang batas na pupuwede na ngang isulong kaugnay dito sa imbestigasyon sa pagbibili ng PPE, ng face mask, ng face shield?

Sapagkat maliwanag naman, wala namang nagkukuwestiyon na 'yung proseso sa pagbili, pagkakaroon ng bidding --- medyo wini-waive pa nga 'yung bidding eh --- eh maliwanag naman parang walang maayos,

maliwanag na sinasabi ang Kongreso o 'yung committee na kaya nila ginagawa iyon dahil mayroon silang panukalang batas na gusto nilang isulong kaugnay dito sa imbestigasyon.

So papasok po sila doon sa Section 22 kung saan sinasabi po ng Saligang Batas, ito ay question hour kung saan ang isang miyembro ng Gabinete at his own initiative with the consent of the President eh maaari pong magpunta sa committee hearing at pakinggan siya kaugnay doon sa kanyang departamento. Puwede pong --- ang sabi ng Saligang Batas, magbibigay siya ng advance questions tatlong araw bago maganap ang hearing, o kaya naman ito pong mga tanong na written questions ay hindi lang po puwedeng hanggang doon lang. It can cover other matters related to the subject of inquiry.

Sa madaling sabi, sa tingin po natin 'yung ginagawa nila ngayon eh hindi ho in aid of legislation sapagkat wala tayong nakikitang panukalang batas na puwedeng isulong nila. This will fall under Section 22 na question hour na sinasabi ng Korte Suprema na mayroong karapatan ang Presidente na huwag pahintulutan ang isang Gabinete, miyembro, na um-attend.

Sapagkat unang-una, may dalawa pong instances: kung ito'y involves national security, kung ito'y involves public interest, eh kailangan. Sabi nga ng Saligang Batas eh diyan ilagay mo 'yan sa executive session, kaya lang wala naman akong narinig niyan, mga [unclear]. And doon po sa desisyon niyo na 'yun sinasabi ng Korte Suprema na kung dito papasok 'yan sa question hour eh walang karapatan na pilitin ng Kongreso na um-attend ang isang Cabinet member. And logic will tell us kung wala silang karapatan na pilitin ang isang miyembro ng Gabinete na um-attend, necessarily wala silang karapatan na mag-impose ng citation ng contempt of Congress dahil hindi um-attend.

Well, wala nga silang karapatan eh. So maliwanag po kinikilala ng Korte Suprema na mayroon kayong kapangyarihan, karapatan na mag-inquire on a subject matter in aid of legislation. Pero sabi dito ng Korte Suprema, habang mayroon kayong kapangyarihan at karapatan, itong kapangyarihan na ito ay bukas sa paglabag. In other words, this is susceptible to abuse.

Bakit? Unang-una, puwedeng mag-conduct sila ng imbestigasyon kunwari in aid of legislation pero actually niyu-usurp nila, inaagawan nila ang function ng judiciary upang hanapin ang katotohanan.

Pangalawa, eh gaya nga ho ng mga pagsusuri ng mga iba, eh mukhang ito'y in aid of election. Sapagkat paulit-ulit iniimbitahan mo, ang tanong ay klarong-klaro naman. Pati na 'yung Commission on Audit sinasabi nila

na walang overpriced. Pagkatapos, maliwanag din na may delivery sa ayos naman. Wala, walang nagrereklamo doon. So bakit pa ipinagpapatuloy ang imbestigasyon?

Kaya nga mayroon po kayong kapangyarihan, karapatan, Ginoong Pangulo, na hingin muna ang inyong kapahintulutan bago pupunta ang isang Cabinet member doon. And that is pursuant precisely to the case of Senate v. [Ermita] na sina-cite nila labag sa inyo, kontra sa inyo, na mali ang intindi nila.

At mayroon din po akong gustong sabihin dito sapagkat nagpahayag po si --- narinig ko mismo na siya'y ini-interview doon sa isang programa --- na kayo mismo raw Presidente eh inaakusahan ka nila ng inciting to sedition. Ano ba ang inciting to sedition? Eh under the Revised Penal Code, specifically Article 14 --- ah 139, iyon pong crime na sedition sinasabi doon 'pag ang isang tao eh gumawa ng karahasan at isa sa mga hakbangin niya ang layunin ay to prevent the national government or alinman sa mga public officer na malayang mag-exercise ng kanilang function, oh iyan ay sedition.

Ngayon iyong inciting to sedition naman, 'pag kayo --- ng walang karahasan, without violence --- eh magsalita kayo na para bagang ibig niyong istorbohin o labagin o hadlangan ang isang public official na mag-execute ng function ng kanyang opisina, that is inciting to sedition. Iyan ang sinasabi ni Gordon sa inyo. You are trying to prevent him or his committee from exercising their functions, kaya inciting to sedition.

Eh ang sabi ko nga po sa statement na pinalabas ko sa media kanina, eh baka naman 'pag sinabi niyang inciting to sedition, he is referring to his committee. It is the one inciting to sedition. Bakit? Sapagkat siya ho ang humahadlang doon po sa mandate ng mga Cabinet members na mag-perform ng kanilang trabaho.

Sapagkat 'pag 'yan ay pinapunta mo roon ng walong oras, pitong oras, nandoon siya hindi naman siya tinatanong dahil natanong na, hindi ngayon siya makatrabaho. Hindi nga... Eh alam naman po natin napakaselan ngayon ng panahon. Kailangan ang lahat ng mga Cabinet members ngayon nagtatrabaho upang tugunan ang pandemic, oh pagkatapos nandoon ka.

Kaya tama nga 'yung sinasabi niyo. Kaya ang katotohanan, it's not you committing inciting to sedition. It's the committee, the Blue Ribbon Committee headed by Gordon who and which --- he is the one committing inciting to sedition, Ginoong Pangulo. Iyan lamang po.

PRESIDENT DUTERTE: Sal, whatever is the stand of Gordon, this is my message: Do your worst and I'll do mine. Idemanda mo ako ng sedition at idemanda rin kita at ako mismo ang maghuli sa iyo.

Thank you for the --- digressing on the finer points of law. Binasa ko na rin 'yun, Sal. May nabasa pa ako 'yung mga reference point, if it becomes a --- almost like a --- a sham na you are there to persecute the people, it can be an exercise of exceeding the authority, and then it becomes no authority at all.

That is what --- well, may --- nagbasa ako ng ano... It's not an absolute thing, you g**d****. Just because you are given the power to summon, you think now that you are the --- you have the say in all of this --- even to the extent of insulting and detaining person for so long a time. Who are you, Gordon? You are nothing but a corrupt official.

We will --- we will reach to a point na ano, ipapa-audit ko ka talaga. I will force the issue. You receive money from government, it becomes a government property. To that extent, the Red Cross is not exclusively an international body. Kasi tumanggap ka ng pera, then you must be amenable to an audit because that is the money of the Filipino people.

May I call on the next...? Justice Medialdea, you want to say something, sir? Si Bingbong.

EXECUTIVE SECRETARY SALVADOR MEDIALDEA: Wala na po, sir. Isang bagay lang po. Ang pinagtatakahan ko lang 'yung pinagpapahalagahan nila na ebidensya na si Acierto na walang credibility na tao, na nag-smuggle ng mga baril, nasa droga pa, iyon ang pinapaniwaan kaysa doon sa Pharmally na niyurakan na, nakapagtulong na nang malaki sa bayan eh 'yun pa ang --- 'yun pa ang niraratsada ngayon. Iyon lang po, mahal na Pangulo.

PRESIDENT DUTERTE: Let's hear Karlo Nograles.

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Ipagpatuloy ko lang 'yung report sa mga accomplishments ng mga agencies under the Office of the President.

For this report, ang focus natin is the Subic Bay Metropolitan Authority, ang Freeport Area of Bataan at ang Cagayan Economic Zone Authority, Mr. President.

So as of July 15, latest report sa SBMA positive po 'yung growth ng SBMA kahit na may kinakaharap tayo na --- tayong pandemya. Posted sila ng positive records sa kanilang operating revenue at 1.66 billion operating revenue, surpassing 'yung equivalent ng 2020 first half by 8.62 percent. Their operating revenue at 1.53 billion in the first six months ng 2020, naging 1.66 billion sa first six months ng 2021. Mula 'yan sa mga collections nila from leases, from port operations, from regulatory fees and from miscellaneous sources.

And patuloy pa rin 'yung growth din sa imports at exports 'no. From US\$842.29 million worth of imports, which is 40 percent higher than last year, and mas malaki po 'yung sa exports at US\$636.8 million in export value, 86 percent naman po higher than last year.

So this just goes to show, Mr. President, na kahit na may pandemya tayong hinaharap eh patuloy pa rin 'yung mga economic activities natin in other parts of the country.

And, of course, more importantly 'yung workforce ng Freeport. From a total of 134,268 workforce in 2019, tumaas po kahit na may pandemya to 138,110 in 2020, and 138,964 first half pa lang ng 2021. Sa services sector alone, that's already comprising 73 percent ng total workforce sa SBMA. Iyong port revenues ng SBMA 645.8 million --- *[Next slide.]* --- in the first semester, which is 17 percent higher than last year's figures. Kung titingnan natin 'yung mga 20-foot equivalent unit ng containerized cargo, tumaas din po ng 14 percent from 107,740 to 122,862. Of course, the SBMA attributes all of this growth to sound economic policies, best practices sa mga anti-COVID measures, and the renewed growth under new normal circumstances.

Sa Bataan naman po --- *[Next slide.]* --- Authority of the Freeport Area of Bataan, 'yung transactions din po doon, a total of 8,849 transactions amounting to US\$425,340,000 for export transactions. While for 8,114 transactions amounting to US\$206,968,000 for import transactions naman po.

And then sa workforce, tumaas din po ang workforce nila. *[Next slide.]* In 2020, naka --- ang workforce nila is 34,000 workers, increased by almost 5,500 workers for the first half lamang ng 2021, at a total of 40,485 workers.

And lastly, sa Cagayan Economic Zone Authority or CEZA --- *[Next slide.]* --- 'yung revenues nila reached P104.17 million mainly from licensing fees, rent, lease, seaport system fees, processing fees, passport, visa and application fees, other business incomes.

And even despite the pandemic, patuloy pa rin 'yung mga infrastructure projects nila in the CEZA kasama diyan 'yung retrofitting of aging piers and four units of new warehouses sa Port Irene, now nearing completion totaling 30,000 square meters; loose cargo port face-lifting and the mini container yard; and newly completed road and bridge section of the port para sa turnaround ng mga routes for trucks and hauling of cargo. And sa Port San Vicente Causeway and Wharf including the construction of the CEZA corporate and commercial centers, the CEZA Global City and Smart City projects.

And in the San Vicente Port, they plan to open its new extended wharf para sa inter-island ships, RORO operations, and fishermen using the facility.

[Next slide.]

Locators din nila, kahit na may pandemya ay moderate ang growth ng mga locators. And despite the pandemic, mayroon din pong moderate growth in their tourist arrivals. Although, talagang tinamaan ang tourism dito sa area na 'yan.

And then for employment --- *[Next slide.]* --- 2,598 workers directly employed under the CEZA, mostly from Cagayan Valley and Cagayan Province.

Iyon lang po, Mr. President. Maraming salamat.

PRESIDENT DUTERTE: So the --- that was the --- the last part of the program was really the one given by Secretary Nograles.

With that, I would like to ask the nation to give me a little bit of allowance sa language ko. Pagpatawa... Mga kababayan ko, pagpatawarin mo na 'yan si Gordon. Huwag na lang ninyong iboto 'yang buang na 'yan. Walang silbi 'yan. Iyang English-English niya, 'yan lang. Hanggang diyan lang 'yang buang na 'yan.

Maraming salamat.

--- **END** ---